Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7i'4

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 13, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 136-T2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWAMPU'T TATLONG LIBO APATNARAAN WALUMPU'T WALONG PISO (Php23,488.00) MULA SA KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA SA PAMAMAGITAN NG PROYEKTONG KILOS-ASENSO SUPPORT FUND UPANG ILAAN SA PATULOY NG PAGPAPAGAWA NG PATHWAY SA SITIO SAMPAGUITA NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 22-T2009/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng San Jose na nagkakahalaga ng Php23,488.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos - Asenso Support Fund upang ilaan sa patuloy na pagpapagawa ng pathway sa Sitio Sampaguita ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2009 ng Sangguniang Barangay ng San Jose na nagkakahalaga ng Php23,488.00 mula sa Kagawaran ng Badyet at Pamamahala sa pamamagitan ng proyektong Kilos-Asenso Support Fund upang ilaan sa patuloy na pagpapagawa ng pathway sa Sitio Sampaguita ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay San Jose, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan